

1

“Bakit?”

The rain was on her face, mixing with her tears.

Tumaas ang sulok ng mga labi ni Aslan habang patuloy rin ang pagdaloy ng ulan sa kanyang katawan. Wala siyang suot na pang-itaas at ramdam niya ang matatalim na patak ng tubig sa kanyang dibdib. Tila isa-isang tumutusok iyon sa puso niya dahil sa sakit na idinulot niya sa babaeng kaharap.

“It was a game, Lena. Did you really think I was serious about you? You are no more important to me than the woman you saw in my room. At alam mo kung anong klaseng babae siya.”

Pagak itong tumawa, ang mga daliri ay nanginginig na ipinangtutop sa mga labi.

Hinamig nito ang sarili at ibinaba sa tabi ang kamay. “Bakit? Ano ba’ng ginawa ko sa ’yo? Bakit kailangan mo pang paabutin sa ganito? Bakit? Bakit!”

“Because you’re stupid and you can’t take a hint. I told you it’s over but you just didn’t get it. Kailangan pa talagang isampal sa mukha mo ang totoo bago mo makita. Now, do you get it?” Mababa ang kanyang tinig, puno ng pait at pang-uyam para sa dalagang umiiyak sa ilalim ng ulan. “I was bored and it was fun

Hopeless - Dior Madrigal

watching you fall for me. You act all prim and proper but you're just like everybody else. You're just a slut, eager to open her legs—”

Sinampal siya nito at napabaling ang mukha sa lakas niyon. Nakangiti niyang hinawakan ang kanyang panga.

“What? Nahihiya kang marinig ang totoo? You don't want to hear how much you enjoyed it? You screamed in bliss, calling my name—”

“Hindi ako makapaniwalang inakala kong mahal kita.” Puno ng sakit at pait ang kulay tsokolate nitong mga mata na dati ay puno ng init at saya kung tumitig sa kanya.

Tumalikod na ito at mabilis naglakad palayo.

Nanatili siyang nakatayo roon sa ilalim ng ulan. Pinanood niya ang malakas na hangin na humahampas sa balingkinitan nitong katawan.

Mapait siyang ngumiti at tumalikod din. Walang lingon siyang naglakad pabalik sa bahay, walang emosyon ang mga matang nakatitig sa kanyang nilalakaran. Pagpasok sa silid, nagtaas siya ng tingin at nakita ang babaeng nakaroba sa paanan ng hagdan. Malagkit itong nakangiti sa kanya. Ito ang babaeng nakita ni Lena na kasama niya sa kuwarto kanina.

“Lena!”

Natulos siya sa kinatatayuan nang marinig ang sigaw mula sa labas. Natagpuan niya ang sariling malalaking hakbang na

Hopeless - Dior Madrigal

bumabalik sa dako ng kanilang komprontasyon. Malakas pa rin ang hangin at ulan.

Hinalughog ng mga mata niya ang paligid upang hanapin si Lena. Nahagip ng kanyang mga mata ang isang kasambahay nila na nakaluhod sa tabi ng bangin.

Parang gustong lumabas ng puso niya mula sa kanyang dibdib. Tumakbo siya palapit sa katulong. Nakatayo sa dulo ng isang matarik na bangin ang bahay-bakasyunan, isang malaking ilog ang nasa ibaba.

“Si Lena, si Lena...” tila sumbong ng kasambahay. Yakap nito ang kaliwang paa ng sandalyas na alam niyang kay Lena.

Nanuot ang lamig sa kanyang katawan. Alam niyang walang kinalaman iyon sa malamig na hangin at ulan.

Nanginginig siyang napatunghay sa matarik na bangin. He only saw emptiness and darkness.

“No...” Tila nasusunog ang kanyang lalamunan. Hindi siya makahinga. Parang sasabog ang dibdib niya sa sama ng loob. “No!”

“Aslan! Ano ba, pare? Are we going to do this or not?”

Iminulat ni Aslan ang mga mata. Sinalubong siya ng ilaw mula sa mga sasakyan at ng mayayabang na ugong ng mga motorsiklo sa kanyang paligid.

Hopeless - Dior Madrigal

Mula sa gilid ng kanyang kotse, kunot na nakatunghay sa kanya ang kaibigan niyang si Nikolas.

Umayos siya ng upo. Hindi niya namalayang naidlip pala siya.

“Everyone’s ready, come on. The girls are screaming like crazy.”

He swallowed and pushed the car door open.

Puno ng mga motor at kotse ang magkabilang gilid ng kahabaan ng kalye. Lagpas hatinggabi na, walang ibang sasakyan sa mahabang kalsada sa parteng iyon ng Laguna maliban sa mga gustong manood ng karera nila.

Tinapik siya ni Nikolas sa balikat pagkatapos ay itinulak siya papunta sa bike na nakaparada sa harapan ng kanyang *Jaguar*.

“It feels good to race like this,” Nikolas remarked. “Darn, I’m like a teenager!”

“This is illegal, you know. At delikado! What’s more, you’re doing this for fun!” narinig niyang reklamo ng nobya nitong si Arianna.

“Ari, we’re professionals. I’ll be safe, promise.”

Sa gilid ng kanyang mga mata ay nakita niyang hinagkan ng kaibigan ang nobya nito.

He straddled his bike.

Hopeless - Dior Madrigal

Nagsisigawan ang mga babae sa paligid pero hindi niya pansin ang mga ito. Nakatitig lamang siya sa harapan.

“You okay, Bro?” untag ni Nikolas.

“Tuloy ba ’to o hindi?” walang emosyon niyang tanong. Kinuha niya ang helmet at isinuot iyon. He turned the fuel and ignition on.

The engine roared to life and the screams got louder.

Pagak itong tumawa at nagtaas ng dalawang kamay. “Oo na, ginagawa na.”

Narinig ni Aslan umungol ang makina ng bike ng katunggali niya ngayong gabi. He didn’t bother looking who it was.

Matagal na nilang ginagawa ang ganitong uri ng karera sa kalsada. It was all for fun. Ang iba ay angas at kung anong kasikatan ang habol sa ganitong laro. Wala sa mga iyon ang dahilan niya.

Pumuwesto ang babaeng nakasuot ng leather bra at boyshorts ilang dipa mula sa kanila. Hawak nito sa magkabilang kamay ang dalawang maliit na bandila na magsisilbing hudyat ng simula ng karera kasabay ng starting pistol.

Itinaas nito ang dalawang kamay. Pumutok ang starting pistol.

Hinampas siya ng hangin gaya ng paghampas niyon sa kanya

noong gabing mawala si Lena.

This was what he wanted—the adrenaline rush, the breakneck speed that courted death.

He saw her face as the world blurred past him. He could see her laughing and smiling at him. Then he would see her crying and shaking in front of him. Mahigpit niyang pinihit ang clutch ng motorsiklo, halos paliparin ito sa bilis ng kanyang takbo. Nanatiling nakapagkit sa kanyang mga mata ang imahe ng dalaga.

If he closed his eyes and rammed into a tree now, would he get to meet her again? O siguro nasa ibang lugar ito. God would never allow him to meet her again. Hindi siya maaaring pumunta kung nasaan ito.

She was too good, too beautiful, too pure for a black soul like him.

Lumuwag ang hawak niya sa clutch, walang buhay niyang pinagmasdan ang madilim na landas sa kanyang harapan.

He saw her smiling again, there was warmth in her eyes as she stared up at him.

His chest hurt.

“Lena...”

Isang bulto ang humarang sa kanyang daraanan. Marahas niyang ipinihit ang motorsiklo pakanan upang iwasan iyon.

Hopeless - Dior Madrigal

Matinis ang tunog ng mga gulong na dumiin sa aspalto at marahas na umikot ang mundo. Halos dumikit ang gilid ng kanyang katawan sa kalsada hanggang sa magawa niyang itayo muli ang sasakyan. Parang kaytagal bago niya nagawang kontrolin ang motorsiklo.

Natagpuan niya ang sariling marahas na humihinga habang mahigpit na nakahawak sa clutch. Nakaupo pa rin siya sa motor, nakatapak ang isang paa sa lupa.

“Shit, Bro! What happened?” boses iyon ni Nikolas. Bumaba ito ng motorsiklo nito at patakbong lumapit sa kanya.

Malalim pa rin ang kanyang paghinga habang nag-uumpisang magkumpulan ang tao sa paligid nila.

“Oh, God, is somebody hurt?” tanong ni Arianna nang makalapit.

“Are you okay? Ano’ng nangyari? Nabangga mo ba siya, Aslan?”

Itinulak niya palayo si Nikolas at malalaking hakbang siyang lumapit sa nakahandusay na babae sa gitna ng kalye. Mahaba ang buhok nito at balingkinitan ang katawan.

Gusto niyang tumawa nang pagak.

Sigurado siyang hindi niya nahagip ang babae pero natumba ito padapa. He could have died in the near-accident pero heto at buhay pa rin siya. Sa huli ay mas nangibabaw ang survival

instincts ng katawan niya.

Pero manatili man siyang humihinga, alam niyang namatay na ang kanyang puso. It died one dark stormy night, ten years ago.

“No, hindi ko siya tinamaan. She probably collapsed because of something else.” Lumuhod siya sa gilid ng babae.

“Wag natin siyang galawin.” Si Nikolas iyon. “Joshua! Call an ambulance and clear the place!”

“Yes, Sir!” sagot ng binatang PA ni Nikolas.

Ginawa ni Joshua ang iniuutos dito. Tinulungan ito ng ilang kaibigan nila. Kung darating ang ambulansya ay mas makabubuting wala na ang ibang tao sa paligid.

Mapalalabas nilang ordinaryong aksidente ang nangyari.

Umungol ang babae at pilit itong humarap sa kanila.

“Miss, it’s okay, don’t move.” Marahang hinawi ni Arianna ang buhok na nakatabing sa mukha ng estranghera.

Pero bumaling na ito paharap sa kanila hanggang sa tumama ang sinag ng buwan sa maamo nitong mukha.

“Help... help me. Don’t let him get me,” pakiusap nito.

Sa loob ng ilang sandali ay nakalimutan ni Aslan ang huminga. Tila may torong bumangga sa kanya. Marahas ang tibok ng puso niya at tila pumipintig ang bawat ugat sa kanyang

katawan.

Ang kulay tsokolateng mga mata na namamayani sa mga panaginip niya hanggang sa paggising niya ay nakatitig ngayon sa kanya. Her bruised cheeks were as delicate as he remembered. Her soft, full lips were as inviting as they had been so many years ago. Kahit ngayong tila hirap itong huminga.

Nagpatuloy sa pagsigaw at paggalaw ang mga tao sa paligid pero di niya alintana ang mga iyon. Nanginginig niyang hinawakan ang pisngi ng babae.

She was warm and soft... and real.

Nag-init ang kanyang mga mata. Hindi niya magawang kumurap, natatakot na baka maglaho ito gaya ng laging nangyayari sa mga panaginip niya.

“Lena...”